

Ano ang The Orange Door?

Ang The Orange Door ay bagong paraan ng pag-access sa mga sebisyo para sa kababaihan, mga bata at mga kabataan na dumaranas ng karahasan sa pamilya; at mga pamilyang nangangailangan ng suporta sa pag-aalaga ng mga bata o kabataan.

Hindi mo na kailangan ng pagsangguni (referral) para maka-access ng tulong at suporta sa pamamagitan ng The Orange Door.

Ano ang magagawa ng The Orange Door para sa akin?

Kontakin ang The Orange Door kung:

- Ikaw ay sinasaktan ng isang taong malapit sa iyo, kinokontrol ka o siyang dahilan upang makaramdam ka ng takot, gaya ng iyong ka-partner, kapamilya, kasambahay or tagapag-alaga
- ikaw ay nahihirapan sa pagiging magulang dahil sa di-pagkakasundo sa pamilya, mga problema sa pera, karamdaman, pagkasugapa, pagdadalamhati o pagiging bukod
- ikaw ay nag-aalala sa kaligtasan at kapakanan ng isang bata o kabataan
- ikaw ay nag-aalala sa kaligtasan ng kaibigan o kapamilya.

Kung ikaw ay migrante o refugee o walang permanenteng paninirahan, matutulungan ka pa rin namin. Huwag matakot humingi ng suporta dahil sa estado na iyong pagmimigrante.

Ito ay libreng serbisyo.

Ipaalam sa mga tauhan ng The Orange Door kung mas gusto mo ng access sa telepono o pisikal na access sa isang Hub upang talakayin ang iyong kalagayan.

Kailangan ko ng interpreter

Ipaalam sa serbisyo kung kailangan mo ng interpreter.

Ipaalam sa serbisyo:

- ang numero ng iyong telepono
- ang iyong wika
- kung kailan ligtas tumawag.

Tatawagan ka pagkatapos ng isang interpreter.

Dinisensyo ba ang serbisyo ng The Orange Door para sa akin?

Malugod na tinatanggap ng The Orange Door ang mga tao anuman ang edad, kasarian, oryentasyong sekswal at kakayahan . Lahat ng mga pagtatanging may kinalaman sa kultura at relihiyon ay iginagalang. Ipaalam sa tauhan kung nais mong lalaki o babaeng tauhan ang iyong makakatrabaho .

Ang The Orange Door ay nakikipagtulungan sa mga serbisyong multi-kultural, mga serbisyong LGBTI at mga serbisyo para sa maykapansanan upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga indibidwal at mga pamilya.

Bibigyan ka ng kawani ng impormasyon tungkol sa mga pagpipilian at iuugnay ka sa mga serbisyong kailangan mo.

Saan ang The Orange Door?

Pumunta sa www.orangedoor.vic.gov.au para makita ang mapa ng aming mga serbisyo sa inyong lugar

Anong mga oras bukas ang The Orange Door?

Ang The Orange Door ay bukas mula 9nu hanggang 5nh Lunes hanggang Biyernes (sarado sa mga pista opisyal).

Saan ako pupunta kung sarado ang The Orange Door?

Kontakin ang sumusunod na mga serbisyo sa labas ng mga oras na ito:

- Men's Referral Service (Serbisyo sa Pagsangguni ng Kalalakihan) sa 1300 766 491 (8nu-9ng Lunes-Biyernes at 9nu-5nh Sabado at Linggo) (pagpapayo sa telepono, impormasyon at serbisyo sa pagsasangguni ng mga kalalakihan laban sa karahasan sa pamilya)
- suportang serbisyo sa mga ligtas na mga hakbang laban sa karahasan sa pamilya sa 1800 015 188 (24 oras, 7 araw sa isang linggo) ay para sa mga kababaihan at mga bata na mga biktima ng karahasan sa pamilya
- Victims of Crime (Mga Biktima ng Krimen) helpline (para sa lahat ng mga biktima ng krimen at may-sapat-na edad na mga lalaking biktima ng karahasan sa pamilya) 1800 819 817 (8nu – 11nh, araw-araw)
- Ang Sexual Assault Crisis Line (Linya ng Krisis sa Pag-atakeng Sekswal) ay para sa mga biktima ng atakeng sekswal 1800 806 292 (5nh – 9nu Lunes hanggang Biyernes, 24 oras sa Sabado at Linggo at mga pista opisyal)

Kung ikaw o sinuman ay nasa agarang panganib, tumawag sa Triple Zero (000) para sa tulong na pang-emerhensiya.